# Gabay sa Paglilinis at Pagdisimpekta ng Komersyal na Tirahan

Ang patnubay na ito ay para sa mga komersyal na tirahan na tinitirhan ng mga tao kung saan maaaring tumuloy ang taong may monkeypox. Para sa mas marami pang gabay sa paglilinis, tingnan ang CDC: Paglilinis at Pagdidisimpekta ng Iyong Bahay, Lugar ng Trabaho at Iba pang Kapaligiran sa Komunidad

Ang monkeypox ay kumakalat sa pagitan ng mga tao pangunahin sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga nakakahawang sugat, langib, o likido sa katawan. Ang pangunahing paraan ng pagkalat nito ay sa pamamagitan ng malapit na matalik na pakikisalamuha sa mga taong may sintomas, pangunahin sa panahon ng sekswal na aktibidad. Posibleng mahawa pagkatapos mahawakan ang ibabaw na ginamit ng isang taong may monkeypox. Gayunpaman, sa karamihan ng mga sitwasyon, ang panganib ng impeksyon mula sa pagsagi sa ibabaw ay mababa.

Maaaring gumawa ng mga hakbang ang mga komersyal na tirahan na nagpapatira sa mga taong may monkeypox upang mapababa ang panganib ng pagkalat ng virus sa ibang tao at kawani. Ang mga kawani ay hindi dapat pumasok sa silid habang ang tao ay nagbubukod maliban kung may emerhensya. Ang paglilinis at pagdidisimpekta ay dapat gawin pagkatapos umalis ang tao.

Ang mga pangunahing hakbang na ito ay kinabibilangan ng:

- Wastong kalinisan ng kamay
- Paggamit ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment/PPE)
- Naaangkop na paglilinis at pagdisimpekta
- Naaangkop na pagtapon ng basura

## Kalinisan ng Kamay

Ang mga kawani ay dapat na sumunod sa mahigpit na kalinisan ng kamay (hal., paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o paggamit ng pangkuskos ng kamay na may alkohol) bago at pagkatapos pumasok sa silid kung saan ang isang indibidwal ay naroon o nakapagbukod, pagkatapos ng kontak sa mga damit, linen, o ibabaw ng kapaligiran (hal., mga patungang ibabaw, mga upuan ng inidoro) na maaaring nagkaroon ng kontak ang materyal sa mga sugat , at pagkatapos na tanggalin ang Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE).

## Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment [PPE])

Ang mga kawani ay dapat na magsuot, sa pinakamababa, **ng mga naitatapong medikal na guwantes** at isang **pampalahingahan (hal., N95) o lapat na kasyang maskara**, at **isahang gamit na naitatapong** baro (gown) habang nililinis at dinidisimpekta ang espasyo kung saan ang tao ay naroon o nakapagbukod. Ang paglilinis ng kamay ay dapat na makumpleto bago magsuot ng PPE at pagkatapos magtanggal ng PPE.

Mangyaring tingnan ang nakaugnay (link) na PDF para sa video na nagpapaliwang kung paano magsuot (don) at magtanggal (doff) ng PPE.

Ang mga kawani ay dapat na mayroon ng lahat ng panlinis at pandisimpektang materyales na magagamit at nakahanda na, nang sa gayon ay hindi nila pinapasok at nilalabasan nang maraming beses ang silid at mapababa ang pagdadala ng kontaminasyon sa ibang lugar (cross contamination).

## Paglilinis at Pagdidisimpekta

Upang mapababa ang panganib ng pagkalat ng virus, linisin at disimpektahin sa sumusunod na pagkakasunod-sunod:

1. **Pangkalahatang pagtatabi ng basura**
    a. Kolektahin at itabi sa isang selyadong supot ang anumang basurang madumi tulad ng mga benda, tuwalyang papel, pakete ng pagkain at iba pang mga pangkalahatang basura.

2. **Labahin**
    a. Pagsama-samahin ang mga kontaminadong damit at linen bago ang anumang iba pa sa silid ay linisin. Huwag ipagpag ang mga linen dahil maaari nitong maikalat ang mga nakakahawang maliliit na butil.
    b. Ang mga labahin ay hindi dapat ihalo sa mga labahin ng iba pang mga bisita.
    c. Iwasang pagpagin ang maruruming labahin dahil maaaring maikalat nito ang mga nakakahawang maliliit na butil.
    d. Labhan ang mga labahin sa isang normal na makinarya gamit sa paglalaba (washing machine) gamit ang sabong panlaba, na sumusunod sa mga tagubilin sa etiketa. Ang mga sanitizer na panglaba ay maaaring gamitin ngunit hindi kailangan.

3. **Matitigas na ibabaw at iba pang mga bagay sa sambahayan**
    a. Linisin at disimpektahin ang madalas na nahahawakang mga ibabaw gamit ang pandisimpekta na rehistrado sa EPA (Mga Pandisimpekta para sa mga Lumilitaw na Pathogen ng Virus: Listahang Q) alinsunod sa mga tagubilin ng tagapagmanupaktura. Kinabibilangan ito ng madalas na nahahawakang ibabaw tulad ng mga mesa, patungang ibabaw, hawakan ng pinto, hawakan sa buhusan ng inidoro, gripo, swits ng ilaw, at sahig.
    b. Ang mga paraan ng basang paglilinis ay mas pinipili tulad ng mga pandisimpektang pamunas, pangwisik, at paglalampaso.

c. Isama ang mga panloob na ibabaw ng repridyereytor, priser (freezer), at iba pang mga aparato, espasyo ng panloob na aparador, o mga aparador (drawer) kung sila ay naakses ng taong may monkeypox.

d. Hugasan ang mga narumihang plato at mga kubyertos sa pagkain sa panghugas ng mga pinagkainan (dishwasher) gamit ang sabong panghugas at mainit na tubig o sa pamamagitan ng kamay gamit ang mainit na tubig at sabong panghugas para sa pinagkainan.
e. Huwag tuyuin sa labas gamit ang hangin o walisan ang mga ibabaw dahil maaaring maikalat nito ang mga nakakahawang maliliit na butil.

**4. Balot na muwebles, alpombra (carpet), at iba pang mga malalambot na kasangkapan**

a. Kung ang taong may monkeypox ay nagkaroon ng direktang kontak sa balat at/o may labis na paglabas ng likido mula sa mga pantal papunta sa mga malalambot na kasangkapan, tulad ng balot na muwebles, mga alpombra (carpet), basahan, at mga kutson, ang mainit na pagpapasingaw na paglilinis ay maaaring ikonsidera.
b. Kung ang taong may monkeypox ay nagkaroon ng kakaunting kontak sa mga malalambot na kasangkapan, disimpektahin ang ibabaw gamit ang naaangkop sa ibabaw na pandisimpekta.
c. Ang pagbabakyum ay katanggap-tanggap gamit ang bakyum na may napakahusay na nananala ng hangin. Kung walang magagamit, siguruhin na ang taong nagbabakyum ay may suot na lapat na kasyang maskara o respireytor.
d. Irekomenda ang paggamit ng mga pamprotekta ng kutson na hindi pinapasukan ng tubig upang protektahan ang kutson, na nililinis sa pagitan ng mga bisita.

**5. Paglilinis at Pagdidisimpekta ng mga sasakyan**

a. Linisin at disimpektahin ang walang mga maliliit na butas na matigas na mga ibabaw ng sasakyan (mga butones, swits, touchscreen, hawakan ng pintuan, manibela, salamin, nababasag na salamin, center console, atbp.) gamit ang isang pangdisimpeka na nakarehistro sa EPA alinsunod sa mga tagubilin ng gumagawa.
b. Linisin ng mainit na sumisingaw na tubig [Steam clean] ang mga may balot/malambot na materyal (tela, alpombra, upuan, sun visor, headliner, atbp.) at iba pang may maliliit na butas na ibabaw ng loob ng sasakyan kung ang isang taong may monkeypox ay nagkaroon ng direktang pagkakadikit sa balat at/o labis na pag-agos ng mga likido mula sa mga pantal sa mga ibabaw na ito. Isaalang-alang ang pagdidisimpekta sa ibabaw gamit ang isang naaangkop na pangdisimpekta sa ibabaw kung ang taong may monkeypox ay may kakaunting kontak sa mga may maliliit na butas na ibabaw.

**6. Pagtatapon ng basura**

a. Ang pagtatapon ng mga kontaminadong basura ay dapat na magpatuloy nang normal. Irekomenda ang paggamit ng isang nakalaang, may balot na lalagyan ng basura sa silid para sa pagtatapon ng mga kontaminadong basura (hal., mga guwantes, benda, mga produkto sa paglilinis).

**Matrix na Listahan ng Paglilinis – kukumpletuhin sa pagkakasunod-sunod na ito**

| Nakumpleto na | Aksyon: |
|---|---|
| Oo □ Hindi □ | **Kalinisan ng kamay at pagsusuot ng PPE bago pumasok sa silid**<br>• Naitatapong mga medikal na guwantes<br>• Naitatapong baro (gown)<br>• Respireytor o lapat na kasyang maskara |
| Oo □ Hindi □ | **Pangkalahatang pagtatabi ng basura**<br>• Kolektahin ang lahat ng mga solidong basura, naitatapong mga bagay kabilang ang mga gamit sa banyo, pangkalahatang basura at itabi sa selyadong plastik na supot para sa pagtatapon. |
| Oo □ Hindi □ | **Labahin**<br>• Pagsama-samahin ang mga kontaminadong damit at linen bago ang lahat ng iba pa sa silid ay linisin. Ilagay sa patapong supot ng labahin o malinis na supot.<br>• Ihiwalay mula sa ibang mga labahin ng bisita |
| Oo □ Hindi □ | **Linisin at disimpektahin ang mga matitigas na ibabaw at iba pang mga bagay sa sambahayan**<br>• Linisin at disimpektahin ang madalas na hawakang ibabaw tulad ng:<br>  ○ Mga mesa<br>  ○ Mga patungang ibabaw<br>  ○ Mga hawakan ng pinto<br>  ○ Mga hawakan ng pambuhos ng inidoro<br>  ○ Mga gripo<br>  ○ Mga swits ng ilaw<br>  ○ Mga remowt (remote)<br>  ○ Mga sahig<br>  ○ Repridyereytor<br>  ○ Priser (freezer)<br>  ○ Mga aparador<br>• Hugasan ang mga narumihang plato at mga kubyertos sa pagkain sa panghugas ng pinagkainan (dishwasher) gamit ang sabong panghugas at mainit na tubig o sa pamamagitan ng kamay gamit ang mainit na tubig at sabon na panghugas sa pinagkainan. |
| Oo □ Hindi □ | **Linisin ang nabalutang mwebles, alpombra (carpet), at iba pang mga malalambot na kasangkapan**<br>• Disimpektahin ang ibabaw gamit ang naaangkop sa ibabaw na pandisimpekta<br>  ○ Sopa<br>  ○ Mga unan<br>  ○ Alpombra (Carpet)<br>  ○ Mga basahan<br>  ○ Kutson |

| | |
|---|---|
| **Oo □ Hindi □** | **Pagtatapon ng basura**<br>• Ilagay ang lahat ng basura sa nakalaang, may balot na lalagyan ng basura at itapon alinsunod sa mga protokol sa pangangasiwa ng regular na basura. |
| **Oo □ Hindi □** | **Pagtanggal ng PPE at kalinisan ng kamay.**<br>• Itapon ang PPE sa nakalaang, may balot na lalagyan ng basura. |
| **Oo □ Hindi □** | **Magsuot ng bagong pares ng naitatapong medikal na guwantes at disimpektahin ang kariton sa paglilinis bago lumipat sa susunod na silid.** |

Pinagsasanggunian: [Paglilinis at Pagdidisimpekta ng Iyong Bahay, Lugar ng Trabaho, at Iba pang mga Kapaligirang Pangkomunidad]